

Simbolismong Pagmamapa Sa Konotatibong Pagpapakahulugan Sa Nobelang El Filibusterismo Ng Mga Mag-Aaral Sa Ika-10 Baitang Ng Pinagkawitan Inhs, Sy 2025 2026

Ladylee S. Macayan¹,
savaderaladylee@gmail.com / 0009-0004-2196-8958

1 – Golden Gate Colleges

Publication Date: July 15, 2026

DOI: 10.5281/zenodo.21377559

Abstract

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagiging epektibo ng “Simbolismong Pagmamapa” bilang interbensiyong estratehiya sa pagpapaunlad ng konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa Ika-10 Baitang ng Pinagkawitan Integrated National High School (INHS) sa nobelang El Filibusterismo para sa Taong Panuruan 2025-2026. Isinagawa ang pag-aaral bilang tugon sa obserbasyong nahihirapan ang mga mag-aaral na lumampas sa literal na kahulugan ng teksto at tukuyin ang mga malalalim na simbolismong ginamit ni Dr. Jose Rizal.

Ginamit sa pananaliksik ang purposive sampling na kinasasangkutan ng apatnapung (40) mag-aaral. Ang metodolohiya ay nakatuon sa paggamit ng mga biswal na gabay o graphic organizers upang pag-ugnay-ugnayin ang mga simbolo sa mga isyung panlipunan, pampulitika, at moral. Batay sa mga datos, ang paglalapat ng estratehikong mapa ay epektibong nagsilbing gabay upang hindi malito ang mga mag-aaral sa mga sagisag at nakatulong sa pagbuo ng mas malalim na argumento base sa nakitang koneksyon.

Ipinakita ng resulta na ang Simbolismong Pagmamapa ay may makabuluhang epekto sa pagtaas ng antas ng pagsusuri at motibasyon ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ang paggamit ng mga lokalisdong kagamitang pampagtuturo gaya ng Symbolism Mural Map at Photo-Essay upang mas lalong maging buhay at makabuluhan ang pag-aaral ng panitikang Pilipino sa makabagong panahon.

Mga Susing Salita: *Simbolismong Pagmamapa, El Filibusterismo, Konotatibong Pagpapakahulugan, Biswal na Estratehiya*

Introduksyon

Sa pag-aaral ng nobelang *El Filibusterismo* sa Ika-10 Baitang, kritikal ang kakayahan ng mga mag-aaral na lumampas sa literal na kahulugan at suriin ang mga malalalim na simbolismo. Ang tunay na literasiya sa ika-21 siglo ay nakasalalay sa kakayahang maging mapanuri at bumuo ng sariling paninindigan base sa binabasa. Gayunpaman, batay sa ulat ng World Bank (2022) hinggil sa *learning poverty*, marami sa mga mag-aaral na Pilipino ang nahihirapang umunawa sa mga kumplikadong teksto. Sa konteksto ng Pinagkawitan Integrated National High School (INHS), kapuna-puna na ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mababang antas ng kahusayan sa konotatibong pagpapakahulugan. Madalas na nakakahon lamang sila sa pagkakabisa ng mga literal na detalye at denotatibong kahulugan ng kwento nang hindi nahuhukay ang mas malalalim na pahiwatig gaya ng pagtingin sa Bapor Tabo bilang isang payak na sasakyang pandagat lamang sa halip na simbolo ng bulok na sistema at diskriminasyon sa lipunan.

Upang matugunan ang suliraning ito, isinagawa ng mananaliksik ang estratehiyang "Simbolismong Pagmamapa" (Symbolism Map) bilang interbensyon. Alinsunod sa DepEd Order No. 001, s. 2021 at DO 008, s. 2023, tungkulin ng mga guro na maging malikhain at gumamit ng mga lokalizado at kontekstwalisadong kagamitang pampagtuturo upang malinang ang *higher-order thinking skills* (HOTS) ng mga mag-aaral (Reyes, 2025). Sa larangan ng pedagohiya, ang mga biswal na balangkas at pagmamapa ay kinikilala bilang mabisang gabay upang bigyang-anyo ang mga abstraktong konsepto. Ang pamamaraang ito ay nagsisilbing tulay upang pagugnayin ang literal na imahe patungo sa konotatibong pahiwatig, habang binabawasan ang kognitibong pagkapagod ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mabibigat na aralin.

Ang konotatibong pagpapakahulugan gamit ang mga simbolo ay itinuturing na mahalagang tulay upang makilala ng mga kabataan ang kanilang kasaysayan at kultura. Gayunman, ayon kina Luna (2022) at Bautista (2024), nananatiling mahina ang kakayahan ng mga mag-aaral dito dahil sa kakulangan sa bokabularyo at kawalan ng angkop na biswal na kagamitan. Bukod dito, ang layunin ng pag-aaral ng mga akda ni Rizal ay ang paghubog ng kritikal at moral na kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa mga isyung panlipunan. Sa kabila ng mga hadlang gaya ng kakulangan sa sapat na oras at agwat sa pagitan ng sinaunang konteksto ng nobela sa kasalukuyang karanasan ng mga makabagong mag-aaral (Aquino, 2024; Villanueva, 2025), nilalayon ng pananaliksik na ito na tasahin ang pagiging epektibo ng "Simbolismong Pagmamapa" sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Pinagkawitan INHS.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong alamin ang epektibong paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pagpapaunlad ng konotatibong pagpapakahulugan sa nobelang *El Filibusterismo* ng mga mag-aaral sa Ika-10 Baitang ng Pinagkawitan INHS para sa Taong Panuruan 2025-2026 at mabigyan ng kasagutan ang mga naitala na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Nobelang *El Filibusterismo* ayon sa:
 - 1.1 Pag-unawang Literal;
 - 1.2 Pag-unawang Konotatibo; at
 - 1.3 Pag-unawang Kritikal?

2. Paano ilalapat ang "Simbolismong Pagmamapa" sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo sa mga sumusunod na aspeto:
 - 2.1 Pagkilala sa mga simbolo;
 - 2.2 Kritikal na pagsusuri ng mga pangyayari; at
 - 2.3 Pagbibigay-kahulugan sa mga simbolikong pahayag?
3. Mayroon bang makabuluhang epekto ang paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nobelang El Filibusterismo sa aspektong:
 - 3.1 Panlipunan;
 - 3.2 Pampulitika; at
 - 3.3 Moral?
4. Ano ano ang mga hamon o hadlang na nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pag-unawa sa nobela?
5. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong kagamitang pampagtuturo o gabay ang maaaring imungkahi upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral?

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong disenyong pampananaliksik (descriptive research design) sa konteksto ng isang action research upang makakuha ng malinaw at obhetibong pag-unawa sa epekto ng inilapat na interbensyon sa mga kalahok. Ang deskriptibong bahagi ay ginamit upang ilarawan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa konotatibong pagpapakahulugan at ang antas ng pagtanggap, epekto, at mga hamong kinaharap sa paggamit ng estratehiyang "Simbolismong Pagmamapa" (Symbolism Map) sa nobelang El Filibusterismo.

Ang disenyong ito ay tiniyak na ang pag-aaral ay makapagbibigay ng obhetibo at numerikal na ebidensya hinggil sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang mga biswal na gabay at kung paano nito nabago ang kanilang pag-unawa sa aspektong panlipunan at moral. Ang mga naging natuklasan ay nagsilbing batayan upang maunawaan kung paano epektibong maiuugnay ang mga estratehikong kagamitang pampagtuturo sa mga kasanayan sa asignaturang Filipino sa Ika-10 Baitang, na nagiging kasanayan para sa mas mabisa at ebidensyadong pagpapalano ng mga aralin at susunod pang mga interbensyon sa silid-aralan.

Mga Kalahok sa Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apatnapung (40) mag-aaral mula sa Ika-10 Baitang ng Pinagkawitan Integrated National High School (INHS) para sa Taong Panuruan 2025-2026. Ang mga mag-aaral na ito ang itinuring na pangunahing kalahok sa

pananaliksik sapagkat sila ang direktang sumasailalim sa pag-aaral ng nobelang El Filibusterismo sa Ikaapat na Markahan, at sila ang tuwirang nakaranas at dumaan sa proseso ng interbensiyong "Simbolismong Pagmamapa" sa loob ng silid-aralan.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ang pamamaraang ito ay ibinatay sa tiyak na pamantayan na ang napiling pangkat ng mga mag-aaral ay ang siyang kasalukuyang nangangailangan ng interbensyon upang mapataas ang antas ng kasanayan sa konotatibong pagpapakahulugan at kritikal na pagsusuri sa mga tekstong pampanitikan. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, tiniyak ng mananaliksik na ang mga nakalap na datos at tugon ay nagmula sa mga mag-aaral na direktang makikinabang sa inobasyon, na nagbigay-daan sa isang balanse, nakatutok, at makabuluhang pagsusuri sa naging epekto ng action research.

Instrumento sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng isang pangunahing instrument, ang Talatanungan. Ang kasangkapang ito ay binuo upang mangalap ng mga kwantitatibong datos na may kaugnayan sa mga tiyak na layunin ng pag-aaral at upang matiyak ang pagiging pare-pareho at katumpakan ng mga tugon.

Ang Talatanungan ay dinalubhasa at idinisenyo upang makakuha ng obhetibong datos hinggil sa epekto ng estratehiyang "Simbolismong Pagmamapa" sa antas ng konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa Ika-10 Baitang sa nobelang El Filibusterismo. Ang instrumento ay nahahati sa tatlong pangunahing bahagi: (1) ang pagtatasa sa proseso ng pagkatuto at gabay ng mapa sa pag-unawa ng mga sagisag, (2) ang epekto ng interbensyon sa antas ng konotatibong pagpapakahulugan batay sa Aspektong Panlipunan at Aspektong Moral, at (3) ang mga hamon o hadlang na kinaharap ng mga mag-aaral sa pagpapatupad nito (gaya ng kakulangan sa oras at kahirapan sa kontekstwalisasyon).

Gumamit ang mananaliksik ng 4-point likert scale batay sa pagsang-ayon o di pangsangayon ng mga mag-aaral sa mga pahayag na nakapaloob sa talatanungan. Ang pagmamarka ay ayon sa sumusunod:

Antas ng Pagtanggap	Bilang Interbal	Berbal na Interpretasyon
4 3.25 - 4.00	Lubos na Sumasang-ayon	
3 2.50 - 3.24	Sumasang-ayon	
2 1.75 - 2.49	Bahangyang Sumasang-ayon	
1 1.00 - 1.74	Lubos na Hindi Sumasang-ayon	

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Humingi ang mananaliksik ng opisyal na pahintulot sa Punongguro III ng Pinagkawitan Integrated National High School upang maisagawa ang pag-aaral sa Baitang 10, kasunod ng pagpapadala ng liham-pahintulot sa mga magulang ng mga kalahok. Ang sarbey-kwestyoner ay mismong ang mananaliksik ang nagpaabot at nagpasiya sa oras ng kaniyang sariling klase upang matiyak ang kaayusan at maiwasan ang abala sa ibang asignatura. Bago magsimula, binigyan ang mga mag-aaral ng malinaw na panuto at tiniyak na ang lahat ng makakalap na datos ay iingat nang may lubos na kumpidensyalidad alinsunod sa Data Privacy Act. Matapos ang taimtim at tahimik na pagsasagot, agad na kinolekta ang mga talatanungan upang simulan ang pagsusuri at pagtatasa sa mga tugon.

Pagsusuri ng Datos

Ang mga nakalap na datos ay sumailalim sa kwantitatibong pagsusuri upang komprehensibong masagot ang mga layunin ng pananaliksik. Ginamit ang deskriptibong istatistika gaya ng Weighted Mean upang ibuod at bigyang-interpretasyon ang mga marka mula sa sarbey ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pagtatasa sa gabay ng mapa sa pag-unawa ng mga sagisag, ang pangkalahatang epekto ng estratehiya sa aspektong panlipunan at moral, at ang antas ng mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng "Simbolismong Pagmamapa" sa nobelang *El Filibusterismo*. Ginamit din ang Composite Mean upang makuha ang pangkalahatang katampatangmarka at interpretasyong berbal ng bawat pangunahing aspeto na sinuri sa pag-aaral.

Resulta

1. Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Nobelang *El Filibusterismo*

Batay sa resulta ng ipinapakita sa Talahanayan 1 ang pinakamataas na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay nasa pagkilala sa mga karakter ng kwento. Ang indikasyon na "Natutukoy ko ang pangalan at katangian ng bawat tauhan" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.25, na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay may matalas na memorya at malalim na atensyon pagdating sa pagkilala sa mga indibidwal na gumagalaw sa loob ng akda, na nagsisilbing pundasyon ng kanilang pag-unawa sa binasa.

Sa kabilang banda, nakakuha ng pinakamababang weighted mean na 2.43 na may interpretasyong "Bahagyang Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Ipinahihiwatig nito na bagaman mahusay ang mga mag-aaral sa pagkilala ng tauhan, kinakailangan pa rin ng mas malalim na interbensyon sa pagbuo ng mga batayang impormasyon at literal na detalye mula sa binasang teksto.

Ang resultang ito ay direktang sumusuporta sa pag-aaral ni Bautista (2024), kung saan binigyang-diin na ang limitadong bokabularyo at ang paggamit ng mga makalumang salita sa nobela ay nagsisilbing pangunahing balakid sa literal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Ayon kay Bautista, ang ganitong kakulangan ay nagiging sanhi upang mahirapan ang mga kabataan sa pagtukoy ng mga batayang detalye at impormasyon sa loob ng akda, na malinaw na masasalamain sa mababang markang nakuha ng mga respondente sa indikasyong ito

Talahanayan 1
Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Nobelang El
Filibusterismo

Pag-unawang Literal	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Natutukoy ko ang pangalan at katangian ng bawat tauhan.	3.25	Lubos na Sumasang-ayon	1
2. Naibibigay ko ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.	3.05	Sumasang-ayon	4
3. Nailalarawan ko ang mga tagpuan sa nobela (ex. Bapor Tabo).	3.18	Sumasang-ayon	3
4. Nasasagot ko ang mga tanong na "Sino, Ano, Kailan, at Saan"	2.43	Bahangyang Sumasang-ayon	5
5. Natutukoy ko ang mga pangunahing suliranin sa mga kabanata.	3.13	Sumasang-ayon	2
Composite Mean	3.08	Sumasang-ayon	

Sa kabuuan, ang nakuha na Composite Mean na 3.08 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" ay nagpapakita na bagaman may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa literal na pag-unawa, nangangailangan pa rin sila ng mas sistematikong estratehiya upang higit na mapataas ang kalidad at lalim ng kanilang pagsusuri.

Talahanayan 2
Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Pag-unawang Konotatibo	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nabibigyang-kahulugan ko ang mga salitang may pahiwatig.	2.9	Bahangyang Sumasang-ayon	1
2. Naiuugnay ko ang mga kilos ng tauhan sa kanilang tunay na motibo.	2.95	Sumasang-ayon	4

3. Nauunawaan ko ang mga simbolismong ginamit ni Dr. Jose Rizal.	3.03	Sumasang-ayon	3
4. Nakikita ko ang lalim ng mensahe sa likod ng mga talinghaga.	2.68	Sumasang-ayon	5
5. Naipaliliwanag ko ang implikasyon ng mga simbolikong bagay.	3.13	Sumasang-ayon	2
Composite Mean	2.93	Sumasang-ayon	

Batay sa Talahanayan 2 ang resulta ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagdating sa konotatibong aspekto ng nobela. Ang indikasyong "Naipaliliwanag ko ang implikasyon ng mga simbolikong bagay" ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 3.13 na may interpretasyong berbal na "Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ipinahihiwatig nito na may kakayahan ang mga mag-aaral na magbigay ng kahulugan sa mga simbolong ginamit sa akda, na nagpapakita ng kanilang potensyal sa mas malalim na pagsusuri kung mabibigyan ng tamang kagamitan at gabay.

Samantala, ang indikasyong "Nakikita ko ang lalim ng mensahe sa likod ng mga talinghaga" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 2.68 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Ang resultang ito ay nagpapakita na bagaman nauunawaan ang simbolo, nahihirapan pa rin ang mga mag-aaral na hugutin ang pinakamalalim na kaisipan o ang subteksto na nakatago sa mga talinghaga ng nobela. Ito ang bahagi na nangangailangan ng pinakamatinding atensyon sa pamamagitan ng interbensyon.

Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Villanueva (2025), kung saan binigyang-diin na ang malaking agwat ng panahon at kultura ang nagiging sanhi kung bakit mahirap para sa mga modernong mag-aaral na makuha ang tunay na mensahe sa likod ng mga talinghaga ni Rizal. Ayon sa kanya, ang pagbabago sa paraan ng pakikipagtalastasan ng mga kabataan sa kasalukuyan ay nagreresulta sa paghina ng kanilang kakayahang bumasa sa pagitan ng mga linya, na siya namang masasalamang sa mababang marka na nakuha ng mga respondente sa indikasyong ito. Nakakuha ng *Composite Mean* na 2.93 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng isang biswal na estratehiya gaya ng Simbolismong Pagmamapa upang mas maging malinaw at madali ang kanilang pagtuklas sa mga nakatagong kaisipan ng akda.

Talahanayan 3

Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Pag-unawang Kritikal	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nasusuri ko ang kawastuhan ng mga desisyon ng mga tauhan.	3.13	Sumasang-ayon	3

2. Naihahambing ko ang mga isyu sa nobela sa totoong buhay.	3.35	Lubos na Sumasang-ayon	2
3. Nakapagbibigay ako ng sariling reaksiyon sa mga kawalan ng katarungan.	3.38	Lubos na Sumasang-ayon	1
4. Natutukoy ko ang bias o pagkiling sa panulat ng may-akda.	3.03	Sumasang-ayon	5
5. Nakabubuo ako ng sariling pagpapasya tungkol sa tema ng nobela.	3.04	Sumasang-ayon	4
Composite Mean	3.18	Sumasang-ayon	

Makikita sa Talahanayan 3 ang kinalabasan ng pagsusuri sa antas ng kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang indikasyong "Nakapagbibigay ako ng sariling reaksiyon sa mga kawalan ng katarungan" ay nagtala ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.38 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ipinahihiwatig ng resultang ito na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng empatiya at kamalayang panlipunan, kung saan madali nilang natutukoy at nabibigyan ng personal na reaksiyon ang mga isyung moral at panlipunang tinalakay ni Rizal sa nobela.

Ngunit, ang indikasyong "Natutukoy ko ang bias o pagkiling sa panulat ng may-akda" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.03 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman positibo pa rin ang interpretasyon, ang ranggong ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nahihirapan pa ring suriin ang teksto sa isang mas mataas na antas ng *literary criticism*, partikular na ang pag-unawa sa perspektiba o pansariling pananaw ng manunulat na nakapaloob sa akda.

Ang resultang ito ay sumusuporta sa pananaliksik ni Flores (2021), kung saan binigyang-diin na ang kakulangan sa gawaing humahamon sa kritikal na pagsusuri ay nagiging hadlang upang matukoy ng mga mag-aaral ang tunay na intensyon at pagkiling ng may-akda sa likod ng bawat simbolo. Madalas na nakadepende lamang ang mga bata sa kung ano ang literal na nakasulat sa teksto sa halip na suriin ang ideolohiyang nakapaloob dito, na siya namang pinatutunayan ng mababang *weighted mean* sa indikasyong ito. Sa kabuuan, ang nakuha na *Composite Mean* na 3.18 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" ay nagpapatunay na bagaman may kakayahang mag-analisa ang mga mag-aaral, ang paggamit ng Simbolismong Pagmamapa ay makatutulong nang malaki upang mas mapatalas ang kanilang kasanayan sa mapanuring pagkilatis sa mga kaisipang nakapaloob sa nobela.

2. Paglalapat ang Simbolismong Pagmamapa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Talahanayan 4

Paglalapat ang "Simbolismong Pagmamapa" sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Pagkilala sa mga simbolo	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nakatutulong ang biswal na mapa upang maalala ang mga simbolo.	3.48	Lubos na Sumasang-ayon	3
2. Mas mabilis kong naiuugnay ang isang bagay sa ideyang kinakatawan nito.	3.38	Lubos na Sumasang-ayon	4
3. Nagiging malinaw ang papel ng bawat simbolo sa daloy ng kwento.	3.50	Lubos na Sumasang-ayon	2
4. Napag-iiba ko ang literal na anyo ng simbolo sa tunay nitong kahulugan.	3.02	Sumasang-ayon	5
5. Nagiging gabay ko ang mapa upang hindi malito sa mga sagisag.	3.53	Lubos na Sumasang-ayon	1
Composite Mean	3.38	Lubos Sumasang-ayon	

Batay sa Talahanayan 4 ang resulta ng paglalapat ng "Simbolismong Pagmamapa" sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang indikasyong "Nagiging gabay ko ang mapa upang hindi Malito sa mga sagisag" ay nagtala ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.53 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ang kinalabasang ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng estratehikong mapa ay epektibong nagsisilbing "kompas" o gabay na nagbibigay ng kalinawan sa mga mag-aaral upang hindi sila maligaw sa dami ng mga simbolong nakapaloob sa nobela.

Samantala, ang indikasyong "Napag-iiba ko ang literal na anyo ng simbolo sa tunay nitong kahulugan" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.02 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman positibo pa rin ang tugon ng mga mag-aaral, ipinahihiwatig nito na ang transisyon mula sa kongkretong imahe patungo sa abstraktong kahulugan ay nananatiling pinakamahabang proseso sa pagmamapa, kung kaya't kinakailangan ang patuloy na pagsasanay gamit ang nasabing kagamitan.

Ang resultang ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Fernandez (2023), kung saan binigyang-diin na ang pagdidisenyo ng mga gawain gamit ang mapping techniques ay nagbibigay ng organisadong estruktura sa isipan ng mga mag-aaral. Ayon kay Fernandez, ang mga biswal na kagamitang gaya nito ay epektibong nakababawas sa kognitibong pagkapagod at pagkalito, na siyang nagpapaliwanag kung bakit nakakuha ng pinakamataas na pagsang-ayon ang aspeto ng pagiging gabay ng mapa upang hindi malito ang mga bata. May *Composite Mean* na 3.38 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay isang matibay na indikasyon na

matagumpay ang interbensyon na lubos na tinatangap at nakatutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5
Paglalatap ang "Simbolismong Pagmamapa" sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Kritikal na Pagsusuri ng mga Pangyayari	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nakikita ko ang ugnayan ng sanhi at bunga sa pamamagitan ng mapa.	3.48	Lubos na Sumasang-ayon	1
2. Mas madaling himay-himayin ang mga komplikadong eksena sa nobela.	3.33	Lubos na Sumasang-ayon	3
3. Nagagamit ko ang mapa upang suriin ang pagbabago ng mga tauhan.	3.40	Lubos na Sumasang-ayon	2
4. Napag-uugnay ko ang iba't ibang kabanata gamit ang mga link sa mapa.	3.02	Sumasang-ayon	4
5. Nakabubuo ako ng mas malalim na argumento base sa nakitang koneksyon.	3.48	Lubos na Sumasang-ayon	1
Composite Mean	3.34	Lubos Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang kinalabasan ng paglalapat ng "Simbolismong Pagmamapa" sa kritikal na pagsusuri ng mga pangyayari sa nobela. Dalawang indikasyon ang nagtala ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.48 na kapwa may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1, ang "Nakikita ko ang ugnayan ng sanhi at bunga sa pamamagitan ng mapa" at "Nakabubuo ako ng mas malalim na argumento base sa nakitang koneksyon." Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang biswal na estratehiya ay epektibong kagamitan upang matulungan ang mga mag-aaral na lohikal na pagdugtong-dugtongin ang mga komplikadong pangyayari at makabuo ng sariling paninindigan o argumento.

Sa kabilang banda, ang indikasyong "Napag-uugnay ko ang iba't ibang kabanata gamit ang mga link sa mapa" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.02 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman positibo ang tugon, ipinahihiwatig nito na ang pag-uugnay ng magkakaibang kabanata o ang tinatawag na *intertextual linking* sa loob ng nobela ay isang mas mataas na kasanayan na nangangailangan pa ng mas malawak na pagsasanay at pagpapatibay gamit ang interbensyong ito.

Ang resultang ito ay sumusuporta sa pananaliksik nina Perez at Gonzales (2022), na nagsasaad na ang mga *scaffolded learning activities* gaya ng pagmamapa ay nagsisilbing gabay na unt-unting bumubuo sa kaalaman ng mga mag-aaral mula sa pinakamadali patungo sa pinakamahirap. Ayon sa kanila, sa pamamagitan ng maayos at sistematikong pagkakasunod-

sunod ng mga gawain sa mapa, mas nagiging madali para sa mga bata na makita ang mga koneksyon at makabuo ng matitibay na argumento, na siya namang pinatutunayan ng mataas na weighted mean sa mga pangunahing indikasyon ng talahanayang ito. Sa kabuuan, ang nakuha na *Composite Mean* na 3.34 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapakita ng isang epektibong tulay ang interbensyon upang malampasan ang mga hadlang sa kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral.

Batay naman sa Talahanayan 6 na makikita sa ibaba, ang resulta ng paglalapat ng Simbolismong Pagmamapa partikular sa pagbibigay-kahulugan sa mga simbolikong pahayag sa nobela. Ang indikasyong "Naisasalin ko ang mga matalinghagang pahayag sa simpleng konsepto" ay nagkamit ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.50 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ang kinalabasang ito ay nagpapatunay na ang interbensyon ay epektibong nagsisilbing *"translator"* o kagamitan upang himayin ang matatayog na salita ni Rizal at gawin itong mas madaling unawain para sa mga mag-aaral.

Talahanayan 6
Paglalatap ang "Simbolismong Pagmamapa" sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Nobelang El Filibusterismo

Pagbibigay-kahulugan sa mga Simbolikong Pahayag	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nagiging mas madali ang pag-unawa sa mga <i>"double meaning"</i> na linya.	3.33	Lubos na Sumasang-ayon	3
2. Naisasalin ko ang mga matalinghagang pahayag sa simpleng konsepto.	3.50	Lubos na Sumasang-ayon	1
3. Nakatutulong ang mapa sa pag-interpreta ng damdamin ng nagsasalita.	3.30	Lubos na Sumasang-ayon	4
4. Mas nabibigyang-diin ang mensahe ng mga tanyag na linya sa nobela.	3.02	Sumasang-ayon	5
5. Napalalawak ko ang aking bokabularyo sa paggamit ng mga konseptong ito.	3.38	Lubos na Sumasang-ayon	2
Composite Mean	3.30	Lubos Sumasang-ayon	

Samantala, ang indikasyong "Mas nabibigyang-diin ang mensahe ng mga tanyag na linya sa nobela" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.02 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman positibo ang pagtanggap, ipinahihiwatig nito na ang pag-uugnay ng mga tanyag na linya sa kabuuang mensahe ng nobela ay nangangailangan pa ng mas malalim na kontekstwalisasyon dahil madalas ay tinitignan lamang ng mga mag-aaral ang mga linya bilang hiwalay na bahagi ng teksto.

Ang resultang ito ay sumusuporta sa pananaliksik ni Pascual (2021), kung saan binigyang-diin na kailangang makipagsabayan ng panitikan sa bilis ng teknolohiya at modernong panahon sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga komplikadong ideya. Ayon pa sa kanya, ang paggamit ng mga biswal at masining na pamamaraan gaya ng pagmamapa ay nakatutulong upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at gawing mas *digestible* o madaling lunukin ang mga matalinghagang pahayag na madalas ay nagiging sanhi ng kanilang kawalan ng interes. Ang *Composite Mean* na 3.30 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapatunay na ang "Simbolismong Pagmamapa" ay isang mahusay na tulay upang mapalawak ang bokabularyo at mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa sining ng pagpapahayag ni Dr. Jose Rizal.

3. Epekto ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nobelang El Filibusterismo

Makikita sa Talahanayan 7 ang kinalabasan ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspektong panlipunan ng nobela. Ang indikasyong "Nakikita ko ang hirap na dinaranas ng mga Pilipino sa ilalim ng Kastila" ay nagtala ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.58 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang pagmamapa ay isang mabisang paraan upang mailarawan nang malinaw ang kalagayang sosyo-politikal ng bansa noong panahon ng Espanyol, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makaramdam ng mas malalim na koneksyon sa kasaysayan sa pamamagitan ng panitikan.

Talahanayan 7

Epekto ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nobelang El Filibusterismo

	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Panlipunan (Social)			
1. Nauunawaan ko ang diskriminasyon sa pagitan ng mga antas ng tao.	3.33	Lubos na Sumasang-ayon	4
2. Nakikita ko ang hirap na dinaranas ng mga Pilipino sa ilalim ng Kastila.	3.58	Lubos na Sumasang-ayon	1
3. Nabibigyang-pansin ang papel ng edukasyon sa ikauunlad ng bayan.	3.40	Lubos na Sumasang-ayon	3
4. Natutukoy ang mga sakit ng sa lipunan na inilalarawan sa El Fili.	3.40	Lubos na Sumasang-ayon	3
5. Naipapakita ang halaga ng pagkakaisa sa mga gawaing panlipunan.	3.48	Lubos na Sumasang-ayon	2
Composite Mean	3.43	Lubos Sumasang-ayon	

Samantala, ang indikasyong "Nauunawaan ko ang diskriminasyon sa pagitan ng mga antas ng tao" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.33 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman napakataas pa rin ng antas ng pagsang-ayon, ipinahihiwatig nito na ang konsepto ng sistemang panlipunan at hirarkiya ay nangangailangan pa ng mas detalyadong pagtalakay sa mapa upang lubos na maunawaan ng mga kabataan ang masalimuot na ugnayan ng kapangyarihan noong panahong iyon.

Batay sa pananaliksik ni Santiago (2021), na nagsasaad na ang pag-unawa sa malalalim na simbolo at isyung panlipunan ay direktang nakasalalay sa kung paano ito inilalahad sa mga mag-aaral sa paraang kondusib sa kanilang kognitibong pagganap. Ang paggamit ng mga biswal na representasyon ng lipunan ay nakatutulong upang mas madaling makita at maramdaman ng mga bata ang mga sakit ng lipunang inilalarawan sa akda, na siya namang pinatutunayan ng mataas na antas ng pagsang-ayon sa talahanayang ito. Sa kabuuan, ang nakuha na *Composite Mean* na 3.43 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapakita na ang interbensyon ay epektibong kagamitan upang hubugin ang kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 8

Epekto ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nobelang *El Filibusterismo*

	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Pampulitka (Political)			
1. Nauunawaan ko ang abuso sa kapangyarihan ng mga nasa posisyon.	3.50	Lubos na Sumasang-ayon	3
2. Nakikita ko ang epekto ng korapsyon sa pamahalaan noon.	3.60	Lubos na Sumasang-ayon	2
3. Nasusuri ko ang mga adhikain ng mga rebolusyonaryo (Simoun).	3.70	Lubos na Sumasang-ayon	1
4. Naiintindihan ko ang ugnayan ng simbahan at pamahalaan (Frailocracia).	3.60	Lubos na Sumasang-ayon	2
5. Namumulat ako sa kahalagahan ng karapatang pantao.	3.70	Lubos na Sumasang-ayon	1
Composite Mean	3.62	Lubos Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang kinalabasan ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa aspektong pampulitika ng nobela. Dalawang indikasyon ang nagkamit ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.70 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1, ang "Nasusuri ko ang mga adhikain ng mga rebolusyonaryo (Simoun)" at "Namumulat ako sa kahalagahan ng karapatang pantao." Ipinahihiwatig nito na ang

interbensyon ay naging epektibong kasangkapan upang gisingin ang politikal na kamalayan ng mga mag-aaral at tulungan silang maunawaan ang mga radikal na kaisipan at prinsipyo ng katarungang ipinaglalaman sa nobela.

Sa kabilang dako, ang indikasyong "Nauunawaan ko ang abuso sa kapangyarihan ng mga nasa posisyon" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.50 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman ito ang pinakamababa sa talahanayan, ang iskor na ito ay itinuturing pa ring napakataas. Ipinapakita nito na bagaman mulat na ang mga bata sa mga isyung pampulitika, ang pag-unawa sa masalimuot na mekanismo ng korapsyon at pang-aabuso ay nangangailangan pa ng mas malalim na pagsusuri upang lubos na maiugnay sa kasalukuyang sistema ng pamamahala.

Ang resultang ito ay nagsisilbing kongkretoong aplikasyon ng DO 008, s. 2023, na naglalayong tiyakin na ang bawat gawain sa loob ng silid-aralan ay may direktang epekto sa pagtaas ng antas ng pag-unawa at literasiya ng mga bata. Sa pamamagitan ng paglikha ng mga localized na materyales gaya ng simbolismong mapa, napatunayan sa talahanayang ito na mas madaling nakakakonekta ang mga mag-aaral sa mga mabibigat na temang pampulitika at karapatang pantao. Sa kabuuan, ang nakuha na *Composite Mean* na 3.62 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapatunay na ang Simbolismong Pagmamapa ay hindi lamang kagamitang pampanitikan, kundi isang instrumento ng pagkamulat na nagpapatatag sa kritikal na pananaw ng mga mag-aaral.

Talahanayan 9

Epekto ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nobelang El Filibusterismo

	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
Moral (Ethical)			
1. Napagtitimbang ko ang tama at maling paraan ng paghihiganti.	3.83	Lubos na Sumasang-ayon	1
2. Nasusuri ko ang katapatan ng mga tauhan sa kanilang prinsipyo.	3.15	Sumasang-ayon	5
3. Nakikita ko ang epekto ng kasakiman sa pagkatao ng isang indibidwal.	3.68	Lubos na Sumasang-ayon	2
4. Nabibigyang-halaga ang pagsasakripisyo para sa kabutihan ng lahat.	3.13	Sumasang-ayon	4
5. Nagiging batayan ang mga aral sa nobela sa pagbuo ng sariling moralidad.	3.63	Lubos na Sumasang-ayon	3
Composite Mean	3.48	Lubos Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang kinalabasan ng paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aspektong moral ng nobela. Ang indikasyong "Napagtatimbang ko ang tama at maling paraan ng paghihiganti" ay nagkamit ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.83 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Ang resultang ito ay isang malakas na indikasyon na ang interbensyon ay epektibong nagabayan ang mga mag-aaral upang suriin ang moralidad ng mga kilos ng tauhan (gaya ni Simoun), na nagpapakita ng mataas na antas ng pagpapahalaga at etikal na pag-iisip.

Samantala, ang indikasyong "Nasusuri ko ang katapatan ng mga tauhan sa kanilang prinsipyo" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.15 na may interpretasyong "Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman positibo ang tugon, ipinahihiwatig nito na ang pagsusuri sa panloob na motibasyon at katapatan ng isang karakter ay nananatiling isang hamon. Maaaring dahil ito sa pagiging masalimuot ng mga karakter ni Rizal na madalas ay may nagtutunggaling prinsipyo, na nangangailangan pa ng mas masusing pagmamapa ng kanilang mga desisyon.

Ang nakuha na *Composite Mean* na 3.48 (Lubos na Sumasang-ayon) ay nagpapatunay na ang Simbolismong Pagmamapa ay epektibong humuhubog sa karakter, etikal na pag-unawa, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sumusuporta ito sa kaisipan ni Flores (2021) na ang paggamit ng mapa ay nagbibigay ng inisyatiba sa mga kabataan na lumampas sa simpleng pag-unawa at bumuo ng sariling moralidad at paninindigan sa pagsusuri ng panitikan.

4. Mga hamon o hadlang na nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Simbolismong Pagmamapa sa pag-unawa sa nobela

Talahanayan 10
Hamong Kinaharap ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Simbolismong Pagmamapa

Indikeytor	Weighted Mean	Interpretasyong Berbal	Ranggo
1. Nahihirapan akong humanap ng eksaktong simbolo na kumakatawan sa isang malalim na kaisipan.	3.35	Lubos na Sumasang-ayon	7
2. Kulang ang aking kasanayan sa pagguhit o pagbuo ng mga visual na koneksyon sa mapa.	3.28	Lubos na Sumasang-ayon	9
3. Masyadong matagal ang proseso ng pagmamapa kaya kinukulang ang oras sa mismong pagsusuri.	3.68	Lubos na Sumasang-ayon	3
4. Nalilito ako kung paano pag-uugnayin ang iba't ibang simbolo sa loob ng isang kabanata.	3.48	Lubos na Sumasang-ayon	6
5. Limitado ang aking bokabularyo upang maipaliwanag nang maayos ang mga iginuhit na simbolo.	3.63	Lubos na Sumasang-ayon	4

6. Nahihirapan akong iugnay ang mga simbolo sa nobela sa mga kasalukuyang isyung panlipunan.	3.75	Lubos na Sumasang-ayon	1
7. Kulang ang mga kagamitan (gaya ng art supplies o template) upang makabuo ng malinis na mapa.	3.33	Lubos na Sumasang-ayon	8
8. Nalilito ako sa pagkakaiba ng literal na kahulugan (denotasyon) at talinghagang kahulugan (konotasyon) ng simbolo.	3.73	Lubos na Sumasang-ayon	2
9. Nahihirapan akong mag-isip nang malikhaing dahil mas sanay ako sa tradisyunal na paraan ng pagsusuri (buod/pagsagot sa tanong).	3.55	Lubos na Sumasang-ayon	5
10. Nakakaabala ang ingay sa loob ng silid-aralan habang sinusubukan kong mag-analisa at mag-isip ng mga biswal na koneksyon	3.63	Lubos na Sumasang-ayon	4
Composite Mean	3.54	Lubos na Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang mga hamon o hadlang na naranasan ng mga mag-aaral habang ginagamit ang estratehiyang Simbolismong Pagmamapa. Ang indikasyong "Nahihirapan akong iugnay ang mga simbolo sa nobela sa mga kasalukuyang isyung panlipunan" ay nagtala ng pinakamataas na *weighted mean* na 3.75 na may interpretasyong berbal na "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa Ranggo 1. Sinundan ito ng hamon sa pagtukoy sa pagkakaiba ng literal at talinghagang kahulugan 3.73, Ranggo 2. Ipinahihiwatig nito na ang pinakamalaking hadlang para sa mga mag-aaral ay hindi ang mismong paggawa ng mapa, kundi ang mataas na antas ng kognitibong kasanayan na kinakailangan upang maiugnay ang sining ni Rizal sa realidad ng kasalukuyang panahon.

Sa kabilang dako, ang indikasyong "Kulang ang aking kasanayan sa pagguhit o pagbuo ng mga visual na koneksyon sa mapa" ay nakakuha ng pinakamababang *weighted mean* na 3.28 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" at nasa huling ranggo. Bagaman itinuturing itong hamon, ang resultang ito ay positibo dahil ipinapakita nito na ang kakayahan sa sining o pagguhit ay hindi ang pangunahing nagpapahirap sa mga mag-aaral; sa halip, mas nakatuon ang kanilang suliranin sa pag-aanalisa at pagbuo ng malalalim na koneksyon.

Ang mga hamong ito ay sumusuporta sa mga naunang pananaliksik nina Aquino at Dela Cruz (2021). Ayon kay Aquino, ang kakulangan sa sapat na oras para sa mga malikhaing gawain ay madalas maging balakid sa kalidad ng pagsusuri, na siyang masasalamatin sa mataas na mean ng indikasyon tungkol sa tagal ng proseso ng pagmamapa 3.68, Ranggo . Sinang-ayunan din ito ng natuklasan ni Dela Cruz na ang mga panlabas na salik, gaya ng ingay sa loob ng silid-aralan 3.63, Ranggo 4, ay may direktang epekto sa konsentrasyon ng mga bata habang gumagawa ng

mga biswal na koneksyon. Sa kabuuan, ang nakuha na Composite Mean na 3.54 na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon" ay nagpapatunay na bagaman epektibo ang Simbolismong Pagmamapa, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang sapat na oras, tahimik na kapaligiran, at patuloy na paggabay sa pagsusuring panlipunan upang lalong maging matagumpay ang paggamit nito.

5. Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo at Aktibidad

Ang mananaliksik ay nagmungkahi ng serye ng mga kagamitang pampagtuturo at aktibidad na naglalayong pagyamanin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa konotatibong pagpapakahulugan sa nobelang *El Filibusterismo*. Binuo ang mga kagamitang ito upang tugunan ang nakitang pangangailangan sa pagpapalalim ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng simbolismo. Layunin ng mga interaktibo at lokalisadong aktibidad na ito na higit pang mahasa ang kritikal na pag-iisip at masining na interpretasyon ng mga mag-aaral sa nobelang *El Filibusterismo*, habang tinitiyak ang kanilang aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Mga Layunin:

1. Mapataas ang antas ng kasanayan sa pagtukoy at pagpapaliwanag ng mga konotatibong kahulugan ng mga simbolo sa akda;
2. Malinang ang malikhaing pag-iisip at kolaborasyon sa pamamagitan ng mga gawain na nag-uugnay sa nobela at sa kasalukuyang lipunan; at
3. Mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglutas ng mga suliraning may kaugnayan sa interpretasyon ng malalalim na teksto.

Mga Mungkahing Aktibidad

1. SIMBOLO-SURI: Ang Mapa ng Mapagpalayang Kaisipan

Pokus na Paksa: Konotatibong Pagpapakahulugan sa mga Simbolo

Panahon: 1–2 sesyon (45–60 minuto bawat isa)

Layunin: Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag na binigyang-pahiwatig sa loob ng kabanata (F10PT-IVb-c-83).

Senaryo: "Paano inilalarawan ng Bapor Tabo ang takbo ng ating gobyerno ngayon? O ano ang ipinahihiwatig ng relikaryo ni Juli sa tindi ng kahirapan?" Dito, pag-uugnayin ng mga mag-aaral ang mga konkretong bagay sa nobela tungo sa mga totoong isyung panlipunan.

Pangkatang gawain: Gamit ang isang malaking mapa ng Pilipinas *Graphic Organizer*, itatapat ng bawat grupo ang mga simbolo ng nobela sa mga lugar o sitwasyon sa bansa na nakakaranas ng katulad na kalagayan.

Output: *Symbolism Mural Map* – isang biswal na presentasyon ng mga simbolo at ang kanilang mga kahulugang panlipunan.

Gawaing Repleksyon: Pagsulat sa *journal*: "Alin sa mga simbolong tinalakay ang pinakamay-kaugnayan sa nararanasan mo ngayon bilang kabataang taga-Pinagkawitan?"

2. HULAGWAY NG KAHAPON: Isang *Photo-Essay* ng Simbolismo Pokus na Paksa:
Paglalapat ng Simbolismo sa Lokal na Komunidad

Panahon: 1–2 sesyon (45–60 minuto bawat isa)

Layunin: Naisusulat ang paglalarawan ng mahahalagang pangyayari sa nobela na nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga tauhan sa kasalukuyang lipunan (F10PU-IVf-g-88).

Senaryo: Kung pagmamasdan ang Barangay Pinagkawitan, anong mga bagay ang makikita mo na sumisimbolo sa mga kaisipan ni Rizal sa El Filibusterismo?"

Halimbawa: Isang sirang kalsada na sumisimbolo sa mabagal na pag-unlad tulad ng Bapor Tabo, o isang kandilang nagliliyab na sumisimbolo sa pag-asa o banta ng himagsikan tulad ng lampara ni Simoun

Pangkatang gawain: Ang mga mag-aaral ay hahatiin sa maliliit na grupo (4–5 miyembro). Maglilibot sila sa loob ng paaralan o sa komunidad upang kumuha ng mga orihinal na larawan ng mga bagay na may konotatibong kaugnayan sa mga pangyayari o tauhan sa nobela.

Output: Isang *Photo-Essay* na binubuo ng 3–5 larawan. Bawat larawan ay may kaakibat na maikling sanaysay na naglalarawan sa simbolo at kung paano ito nauugnay sa isang tauhan o pangyayari sa nobela at sa kasalukuyang lipunan.

Gawaing Repleksyon: Pagsulat sa *journal*: Isusulat ng mga mag-aaral: "Paano binago ng gawaing ito ang iyong pagtingin sa mga simpleng bagay sa iyong paligid? Nakikita mo na ba ang El Filibusterismo sa iyong pang-araw-araw na buhay?"

3. DIALECTICAL JOURNAL: Usapang Simbolo

Pokus na Paksa: Pagsusuri sa Gampanin at Pagkatao ng mga Tauhan **Panahon:** 1–2 sesyon (45–60 minuto bawat isa)

Layunin: Natutukoy ang papel na ginagampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng pagtunton sa mga pangyayari (F10PB-IVg-h-91).

Senaryo:

Character Deep-Dive: Bakit nga ba bitbit ni Simoun ang lampara? Ano ang ipinapahiwatig ng pagtanggap ni Isagani sa serbesa? Sa gawaing ito, hihimayin ng mga mag-aaral ang pagkatao ng mga tauhan hindi lang sa kanilang sinasabi, kundi sa mga bagay na iniuugnay sa kanila.

Konteksto: Paggamit ng *Dialectical Journal* upang magkaroon ng masinsinang dayalogo ang mag-aaral at ang tekstong binabasa.

Pangkatang gawain: Ang bawat pangkat ay pipili ng isang pangunahing tauhan. Gagawa sila ng isang talaarawan na may dalawang kolum:

1. Kaliwang Kolum (Simbolong Ginamit): Dito itatala ang mga partikular na bagay, kilos, o pangyayaring idinikit ni Rizal sa tauhan.

2. Kanang Kolum (Konotatibong Implikasyon): Dito ipaliliwanag ng mga mag-aaral kung ano ang sinasabi ng simbolong ito tungkol sa paninindigan, ugali, o papel ng tauhan sa nobela.

Output: Isang *Character Symbol Journal* na nagpapakita ng ebolusyon ng tauhan mula sa simula hanggang sa katapusan ng mga kabanatang tinalakay.

Gawaing Repleksyon: Sa kanilang journal, sasagutin ng mga mag-aaral: "Kung ikaw ay magiging isang simbolo sa loob ng El Filibusterismo, ano ka at bakit? Anong aspeto ng iyong pagkatao ang kinakatawan nito?"

4. KULAY-KAHULUGAN: *Color Coding Metaphors*

Pokus na Paksa: Simbolismo ng Kulay sa mga Pahayag at Kaisipan **Panahon:** 1 sesyon (45–60 minuto)

Layunin: Nabibigyang-kahulugan ang mahahalagang pahayag ng may- akda o mga tauhan (F10PT-IVg-h-85).

Senaryo:

Visual Metaphor: "Kung ang mga damdamin at adhikain sa El Fili ay may kulay, ano ang magiging kulay ng bawat pahayag nina Simoun, Isagani, o Basilio?"

Halimbawa: Ang Pula ay maaaring iugnay sa galit at planong himagsikan ni Simoun, habang ang Asul o Puti ay simbolo ng malinis na hangarin ni Isagani para sa kaniyang bayan.

Gawaing Pangkat: Hahatiin ang klase sa mga grupo. Bibigyan ang bawat pangkat ng mga *Color Cards*. Sa harap ng *card*, ididikit o isusulat nila ang isang mahalagang pahayag mula sa nobela. Pipili sila ng kulay na sa tingin nila ay naglalarawan sa konotatibong kahulugan ng pahayag na iyon.

Pula: Para sa radikal na pagbabago o dahas.

Puti: Para sa katapatan at pag-asa.

Itim: Para sa kawalan ng katarungan o kasamaan.

Output: *Color-Coded Symbol Cards* – isang *set* ng mga kard na may mga piling pahayag at ang katumbas na interpretasyon sa likod nito.

Gawaing Repleksyon: Sa kanilang *journal*, sasagutin ng mga mag-aaral: "Anong kulay ang maglalarawan sa iyong pananaw tungkol sa kinabukasan ng ating bansa pagkatapos mong mabasa ang mga pahayag sa El Filibusterismo? Bakit?"

5. HAGDAN NG KARUNUNGAN (*Scaffolded Semantic Mapping*) Pokus na Paksa:

Paghahambing ng Antas ng Kahulugan

Panahon: 1 sesyon (45–60 minuto)

Layunin: Nagagamit ang angkop na mga salitang naghahambing (F10WG-IVg-h-82).

Senaryo:

Step-by-Step Discovery: "Ang pag-unawa sa nobela ay parang pag-akyat sa hagdan. Hindi natin makukuha ang malalim na mensahe kung hindi tayo magsisimula sa ibaba o sa literal na kahulugan ng mga salita."

Halimbawa: Pagsusuri sa salitang "Alahas."

Literal: Mamahaling hiyas.

Kontekstwal: Kayamanan ni Simoun.

Konotatibo: Kapangyarihan, panuhol, o ang "pain" para sa kaniyang paghihiganti.

Pangkatang gawain: Ang bawat pangkat ay bibigyan ng *Ladder Worksheet*. Gamit ang mga salitang naghahambing (hal. *higit na malalim, di-tulad ng, mas matimbang*), bubuuin nila ang bawat baitang ng hagdan:

Unang Baitang (Denotasyon): Ang literal na kahulugan mula sa diksyunaryo.

Ikalawang Baitang (Kontekstwal): Paano ginamit ang salita sa loob ng kabanata.

Ikatlong Baitang (Konotatibong Simbolismo): Ang ruok ng kahulugan, ano ang kinakatawan nito sa lipunan o sa damdamin ng tauhan?

Output: *Semantic Ladder Poster* – isang malikhaing hagdan na nagpapakita ng pag-unlad ng kahulugan ng mga piling salita mula sa akda.

Gawaing Repleksyon: Sa kanilang journal, isusulat ng mga mag-aaral: "Sa iyong palagay, bakit higit na mahalagang maunawaan ang konotatibong kahulugan kaysa sa literal na kahulugan lamang pagdating sa pagbabasa ng mga obra ni Rizal?"

Talakayan

Ipinapakita ng mga resulta na ang "Simbolismong Pagmamapa" ay isang epektibong biswal na kagamitan sa pagtuturo. Ang mataas na marka nito bilang gabay ay nagpapatunay na ang pagbibigay ng pisikal at biswal na anyo sa mga simbolo ay nagpapadali sa pagpoproseso ng mga abstraktong talinghaga sa nobela. Sa aspektong panlipunan, matagumpay nitong napaunlad ang kamalayan ng mga mag-aaral sa mga isyu ng diskriminasyon at kawalan ng katarungan. Sa aspektong moral naman, binigyan nito ang mga mag-aaral ng kakayahang etikal upang pagtimbangin ang tama at maling paraan ng paghihiganti sa karakter ni Simoun. Gayunpaman, ang naitalang kahirapan sa paghihiwalay ng literal na anyo sa konotatibong kahulugan ay nagpapahiwatig na ang transisyon patungo sa malalim na kontekstwalisasyon ay nangangailangan pa rin ng tuluy-tuloy na pagsasanay at patnubay ng guro.

Ang natuklasang tagumpay ng *Symbolism Map* ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral na nagpapatunay na ang mga biswal na balangkas ay mabisang kasangkapan upang ayusin ang estruktura ng pag-iisip at bawasan ang kognitibong pagkapagod (*cognitive load*) ng mga mag-aaral sa pag-aanalisa ng mabibigat na teksto. Bukod dito, ang positibong epekto sa aspektong moral ay umaayon sa teorya na ang pagtuturo ng mga klasikal na akda ay dapat humubog sa mapanuring kamalayan ng mga kabataan hinggil sa kanilang lipunan. Sa kabilang banda, ang mga hamon gaya ng kakapusan sa oras, ingay sa paligid, at ang agwat ng henerasyon sa pagitan ng panahon ng nobela at ng modernong mag-aaral ay tumutugma rin sa mga naging konklusyon ng mga nakaraang mananaliksik.

Ipinapakita ng pag-aaral na dapat nang sabayan ng mga makabagong *visual scaffolding strategies* ang tradisyunal na literal na pagbasa. Ang mga guro sa Filipino ay hinihimok na gumamit ng mga katulad na mapa at magdisenyo ng mga lokalisadong gabay (gaya ng "*SIMBOLO-SURI*") upang mas madaling maiugnay ng mga mag-aaral ang kasaysayan sa mga kasalukuyang kaganapan.

Alinsunod sa mga kautusan ng DepEd ukol sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon, ang mga resultang ito ay maaaring gamitin ng mga pinuno ng paaralan sa paglulunsad ng mga

pagsasanay (INSET) para sa mga guro. Maaari din itong maging batayan sa pag-aayos ng estruktura at oras ng klase upang magkaroon ng sapat na espasyo para sa malikhaing pagsusuri ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay limitado lamang sa apatnapung (40) mag-aaral mula sa isang partikular na seksyon sa Ika-10 Baitang ng Pinagkawitan INHS para sa Taong Panuruan 2025-2026, kaya ang mga resulta ay hindi maaaring ituring na pangkalahatang representasyon ng buong bansa. Bukod dito, ang saklaw ay nakatuon lamang sa nobelang *El Filibusterismo* sa loob ng Ikaapat na Markahan, at hindi nasuri ang epekto ng estratehiya sa iba pang uri ng panitikan. Panghuli, ang limitasyon sa oras ng bawat sesyon at mga panggambala sa pisikal na kapaligiran ng silid-aralan ay maaaring nakaapekto sa bilis ng pagbuo ng mapa ng mga mag-aaral.

Konklusyon

1. Ang mga mag-aaral ay may mataas na kakayahan sa literal na pagkilala sa mga tauhan at pagpapakita ng empatiya sa mga isyung moral, subalit nananatiling hamon ang pagtukoy sa mga tiyak na detalye (Sino, Ano, Saan) at ang pagsusuri sa pagkiling (bias) ng may-akda.
2. Napatunayang ang Simbolismong Pagmamapa ay isang epektibong biswal na gabay na nagpapadali sa pag-unawa ng mga matalinghagang pahayag at nakatutulong sa mga mag-aaral na lohikal na pag-ugnayin ang mga komplikadong sanhi at bunga sa loob ng nobela.
3. Ang paggamit ng interbensiyong ito ay lubos na nakapagpataas sa kamalayang panlipunan, pampulitika, at moral ng mga mag-aaral, partikular sa pagkilala sa mga hirap na dinanas ng mga Pilipino at sa pagbuo ng sariling etikal na paninindigan base sa mga aral ng akda.
4. Bagaman epektibo ang estratehiya, ang matagumpay na paggamit nito ay nililimitahan ng mga panlabas na salik gaya ng kakulangan sa oras, ingay sa kapaligiran, at ang hirap ng mga mag-aaral na iugnay ang mga lumang simbolo sa mga kontemporaryong isyu sa kasalukuyan.

Rekomendasyon

1. Iminumungkahi ang paggamit ng *scaffolded worksheets* upang matulungan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa detalye at pagtukoy sa pagkiling ng may-akda.
2. Maaaring gawing regular ng mga guro na kagamitang pampagtuturo ang Simbolismong Pagmamapa sa ilalim ng programang literasiya ng kagawaran ng Filipino.
3. Dapat iugnay ng mga guro ang mga simbolo ni Rizal sa mga kasalukuyang isyu upang mapataas ang kamalayang panlipunan ng mga mag-aaral.
4. Maaaring gumamit ng *digital templates* at gawing proyekto ng mga mag-aaral na may mahabang palugit ang gawain upang masolusyunan ang kakulangan sa oras.
5. Iminumungkahi sa Pangasiwaan ng paaralan na ibahagi ang Simbolismong Pagmamapa sa mga guro ng panitikan sa pamamagitan ng *Learning Action Cell Session*.

Talasanggunian

- Abad, L. (2021). Pag-unawa sa simbolismo at interpretasyon sa panitikan. Rex Book Store. pp. 45-60.
- Bernardo, C. (2021). Differentiated instruction: Tugon sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral. Academic Press Philippines. pp. 112-130.
- Cruz, J. (2021). Panitikan at identidad: Ang salamin ng kasaysayan. University of the Philippines Press. pp. 15-32.
- Luna, M. (2022). Sining ng pahiwatig: Ang konotasyon sa makabagong pagbasa. Mutya Publishing House. pp. 88-104.
- Villaluz, J. (2021). Aktibong pagkatuto: Ang mag-aaral bilang tagabuo ng kahulugan. Lathalaing Edukador. pp. 210-225.
- Reyes, V. (2024). Mga makabagong estratehiya sa pagbuo ng mapanuring pag-iisip sa ika-21 na siglo. (Di-nailathalang tesis). Batangas State University.
- Bautista, K. (2024). Limitadong bokabularyo: Hadlang sa pag-unawa ng simbolismo sa pampublikong paaralan. *Dyornal ng Edukasyon at Humanidades*, 5(1), 12-25.
- Castro, L. (2023). Visual mapping tools: Estructura sa malikhaing pag iisip ng mga kabataan. *Teknolohiya at Edukasyon Quarterly*, 8(3), 150-165.
- Dela Cruz, R. (2022). Oras at kurikulum: Hamon sa malalimang pagsusuri ng El Filibusterismo. *Filipino Journal of Arts and Letters*, 10(4), 302-315.
- De Vega, R. (2021). Kontekstwalisasyon ng El Filibusterismo: Pag-uugnay ng panitikan sa buhay. *Journal of Social Sciences and Humanities*, 9(4), 102-115.
- Fernandez, A. (2023). Pagdidisenyo ng activity sheets na nakabatay sa sining at biswal. *Sining sa Silid-Aralan Journal*, 15(1), 22-35.
- Flores, G. (2021). Kritikal na pagsusuri vs. pasibong pagbasa: Isang pag-aaral sa nobela ni Rizal. *Filipino Research Review*, 14(1), 55-70.
- Garcia, M. (2026). Simbolismong pagmamapa: Isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng abstrakto na konsepto. *Modern Teacher's Journal*, 20(1), 114-128.
- Gomez, L. (2021). Ang papel ng karanasan sa pag-unawa ng mga simbolismo sa klase. *The Modern Filipino Teacher*, 33(2), 40-52.
- Lopez, S. (2025). Paggamit ng mapang biswal sa pagpapataas ng nterer ng mga mag-aaral. *Edukasyong Pilipino Review*, 18(2), 76-88.
- Magno, P. (2021). Biswal na ilustrasyon at retention: Epekto sa pag-aaral ng panitikan. *Educational Psychology Journal*, 19(3), 88-94.
- Mendoza, A. (2024). Estrategikong pagmamapa sa pag-oorganisa ng komplikadong ideya. *National Journal of Secondary Education*, 25(1), 201-218.
- Meniado, J., & Pilapil, R. (2023). Concept mapping: Estructura sa mga abstraktong kaisipan sa panitikan. *International Journal of Pedagogical Studies*, 11(2), 143-156.
- Perez, J., & Gonzales, T. (2022). Epekto ng scaffolded learning activities sa malalayong paaralan. *Rural Education Review*, 9(3), 110-125.
- Ramos, D. (2021). Kolaborasyon sa silid-aralan sa pamamagitan ng pangkatang pagmamapa. *Philippine Collaborative Learning Journal*, 6(2), 55-68.
- Kagawaran ng Edukasyon. (2021). DepEd Order No. 001, s. 2021: Professional development priorities para sa mga guro at tagapamahala ng paaralan.



- Kagawaran ng Edukasyon. (2023). DepEd Order No. 008, s. 2023: Pagpapalakas ng lokalilisasyon at kontekstwalisasyon sa literasiya at numerasiya.
- World Bank. (2022). The state of global learning poverty: 2022 update on the Philippines. <https://www.worldbank.org/en/topic/education>
- Kagawaran ng Edukasyon. (2023). E-learning module: Ang simbolismo at konotatibong kahulugan sa mga kabanata ng El Filibusterismo. LRMDs Portal <https://lrmds.deped.gov.ph/detail/2023-efili-simbolismo>